



Wikang Filipino: Salamin ng Mayamang Kultura

MARYANN P. ABRUGENA
Teacher III

Balayan East Central School
abruenamaryann@gmail.com

Sa bawat salitang binibigkas ng labi,
Kaluluwa ng bayan, ito'y nasasabi.
Wikang Filipino, alay sa 'ting lahi,
Salamin ng kultura, wagas at dakila.

Sa mga kwento ng ating ninuno,
Kasaysayan at dangal, dito'y natatamo.
Diwa ng bayan, sa wika'y naglalakbay,
Buhay na kasaysayan, sa puso'y nananalaytay.

Katutubong wika, sa sining at awit,
Nagbibigay-buhay, sa puso'y umaawit.
Mula Luzon, Visayas, hanggang Mindanao,
Iisang diwa, sa wika'y pinapanday.

Ang salitang "Mabuhay," "Magandang umaga,"
Paggalang sa kapwa, itinuturo ng wika.
Sa bawat pangungusap, damdamin ay wagas,
Pinagmulan ng bayan, dito'y nagwawagas.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume V, Issue IV

May 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Wikang Filipino, huwag nating kalimutan,
Sa bawat henerasyon, ito'y pagyamanin.
Pagkat sa wika natin, tunay na makikita,
Mayamang kultura, sa puso'y mananatili.

Sa araw ng Pista, bawat isa'y nagdiriwang,
Mga tradisyon at ritwal, ating sinasalang.
Sa wikang Filipino, bawat dasal at kanta,
Nagkakaisang puso, sabay-sabay umawit.

Mga alamat at kwento, sa wika'y nabubuhay,
Kabayanihan ng lahi, sa isip sumasabay.
Sa bawat salinlahi, ang wika'y buhay na buhay,
Pagyamanin natin, hanggang wakas ng buhay.

Wikang Filipino, ikaw ang aming gabay,
Sa pagharap sa bukas, ikaw ay kaagapay.
Salamin ng kultura, yaman ng ating lahi,
Sa bawat puso't diwa, ikaw ay mananatili.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
